# Balita ng Paglilitis para sa Pagpapatunay ng Nasyonalidad bilang Hapon

Citizen's Network for Japanese-Filipino Children
No.1 Septiyembre, 1, 2005

【Ano ang Citizen's Network for Japanese-Filipino Children?】

Ang Citizen's Network for Japanese-Filipino Children (CNJFC) ay isang NGO na nagbibigay ng Legal Assistance para sa mga Japanese-Filipino Children o JFC (mga anak na magulang ay Hapon at Filipno). Noong buwan ng Abril, 1993 ay nagtayo ng 'Lawyer's Association for Japanese-Filipino Children' at makalipas ang isang taon, noong buwan ng Mayo, 1994 ay naitatag ang CNJFC. Sa loob ng labingisang (11) taon ng serbisyo ng CNJFC ay hinawakan nito ang mga iba't ibang kaso at problema ng mga JFC.

【Ano ang issue ng nasyonalidad ng JFC?】

Isa sa mga matingkad na issue na nararanasan ng JFC ay ang pagkuha ng Japanese citizenship na naka-depende sa pagkilala ng Japanese na ama o '*Ninchi*' at depende sa kalagayan ng mga magulang kung kasal o hindi. Halimbawa, ang JFC na isinilang ng dayuhang ina at amang Hapon na hindi kasal, kapag nai-'*Taiji Ninchi'* (pagrehistro ng amang Hapon sa fetus sa tiyan ng nanay bago isilang ang bata) ay makakakuha ng Japanese nationality. Sa pagsasagawa ng '*Taiji Ninchi'* ng amang Hapon lamang ang bata na anak ng inang dayuhan ay maaaring makakuha ng Japanese citizenship. Subalit ang batang hindi na-'*Taiji Ninchi'* pero binigyan ng recognition at kinilala ng amang Hapon pagkatapos isilang ay hindi maaaring makakuha ng Japanese citizenship.

Sa kabilang banda, ang mga di-lehitimong anak ng mga Haponesa ay nabibigyan ng nasyonalidad bilang Hapon sanhi ng kanilang relasyon bilang mag-ina sang-ayon sa Artikulo 2, Section 1 ng Japan Nationality Law. Subalit ang mga di-lehitimong anak ng mga Japanese fathers sa dayuhang ina ay hindi makakakuha ng Japanese citizenship kahit ito ay kinikilala ng kanyang amang Hapon pagkatapos isilang ang bata dahil hindi raw ito naaayon sa Artikulo 2, Section 1 ng Japan Nationality Law at maging sa Artikulo 3 ng Japan Nationality Law.

Batay sa patakaran ng Japan, mabibigyan ng Japanese nationality ang di-lehitimong bata kung mayroong patunay sa sinasabing "matalik na relaysong mag-ama o mag-ina." At ang dahilan ng pagbibigay ng magkaibang trato sa pamamagitan ng "*Taiji Ninchi'* bago isilang ang bata at '*Ninchi*' pagkasilang ng bata ay dahil daw sa malaking pagkakaiba sa tunay na relasyon ng mag-ama kumpara sa mag-ina. Subalit kung kasal ang mga magulang, kahit ang 'Ninchi' ay ibinigay ng amang Hapon pagkatapos isilang ang bata, ay maaring mabigyan ang bata ng Japanese nationality sa pamamagitan ng pagpapatala (Batas Cibil Artikulong 789).

Sa ngayon ay hindi na mapigilan ang pagdami ng bilang ng international marriage dahil sa globalisasyon at nagiiba na rin ang pagtingin at relasyon bilang pamilya. Kasabay nito ang pagdami ng mga bi-cultural na mag-asawang hindi kasal na nagkakaroon ng anak. Ang mga kaganapan sa ilalim ng globalisasyon at ang hindi pag-angkop para sa nararapat na batas at patakaran ng bansang Hapon ay nagdudulot ng malaking problema. Sa

partikular, ang pagtrato bilang magkaiba ang mga bata kung kasal o hindi ang mga magulang at sa pag-Ninchi. Ang wala sa realidad at laos na patakaran ay bumibiktima sa mga bata. Lalo na't hindi maaaring baguhin ng mga bata ang kaisipan ng magulang 'kung magpakasal o hindi" ang magkahiwalay na magulang para makuha ang minimithing Japanese citizenship.

### 【Dahilan kung bakit nagsampa ng kaso sa pamahalaan ng Japan ang mga JFC para sa Pagpapatunay ng Nasyonalidad Bilang Hapon】

May naunang kahalintulad na kaso ang dininig sa korte na napapawalang-saysay noong taong 1998 sa Osaka High Court. Noong ika-22 ng Nobyembre, 2002, naman ay pinawalang-saysay rin ng Supreme Court ang nasabing kaso. Subalit sa pagdismis ng kaso ay may mga karagdagang kuro-kuro ng tatlong hukom (Kameyama, Kajitani at Takii) ukol sa ibinigay na hatol kaugnay ng problema sa pagpapatupad ng patakaran ng Artikulo 3 ng Japan Nationality Law (pagkuha ng nasyonalidad sa pamamagitan ng '*Ninchi*'at kasal ng mga magulang).

Ang dalawang hukom ay nagpahayag ng sumusunod: "Ang Batas ng Nasyonalidad sa ngayon ay makatwiran subalit sa ngayon ay globalized na ang mundo at nagiging iba't iba na ang mga kahulugan, kaugalian, at pati na rin sa pamumuhay ng pamilya. Dahil dito, nagbabago na rin ang relasyon at ugnayan bilang mag-ama/mag-ina sa pamamagitan ng kasal o di-kasal kaya at ang legal na pagpapasiya ay hindi na nakasasapat sa kasalukuyan. At sa kadahilanan ito, mahirap nang hanapin ang espesyal na katwiran batay sa praktika ng kaibahan sa nasyonalidad ng bata kung kasal o hindi ang kanyang mga magulang."

Batay na rin sa mga hukom, sinasabi ng mga ito na kahit di-lehitimong anak pero Haponesa ang ina ay binibigyan ng Japanese nationality ang bata pagkasilang. Gayundin ang ang anak ng amang Hapon sa dayuhang ina, kapag nabigyan ng '*Taiji Ninchi* ay nakakakuha ito ng Japanese nationality. Ngunit dahil sa interpretasyon ng patakaran ng Artikulong 3 ng Batas ng Nasyonalidad, sa bisa lamang ng 'Kasal' ng mga magulang maaring mabibigyan ang bata ng Japanese nationality (ay hindi na angkop sa kasalukuyang panahon).

Natalo sa hukuman ang unang naisampang kaso sa kadahilanang ang pagtatalo ay natuon lamang sa diskriminasyon. Subalit sa pagdaan ng mga panahon ay may tumatayong biktima bilang tetestigo. Sa pagkakataong ito ay ang panganay ng Filipina na anak sa amang Hapon na kung saan ay nabigyan ito ng '*Ninchi*' pagkatapos isilang kaya ang batang ito ay tinuturing na Filipino. Sa pagsilang ng ikalawang nakababatang kapatid sa parehong ina na Filipina at amang Hapon na kung saan ang bata ay nabigyan ng '*Taiji Ninchi'* (ng kaniyang amang Hapon) ay nabigyan ang bunso ng Japanese nationality. Ang kinalabasan, ang magkapatid na pareho ang ina at ama na ayaw magpakasal dahil sa maraming kadahilanan ay may magkaibang nationality.

Isa lamang ito sa mga kadahilanan sa nagsampa sa muli ng apila para sa Pagpapatunay ng Nasyonalidad bilang Hapon na ang puntos ay hindi nakabatay sa kasal ng mga magulang (kontra sa pag-interpret sa Artikulo 3 sa Batas ng Nasyonaliad). Ang mga karagdagan pang kadahilanan ay mababasa sa kabilang pahina ng newsletter.

### [Pagsasampa ng Paglilitis ng Pagpapatunay ng Nasyonalidad bilang Hapon】

Noong ika-12 ng Abril, 2005 ay nag-apila sa Pandistritong Hukuman sa Tokyo ang siyam na JFC bilang mga nagdedemanda kasama ang kanilang mga ina upang hilingin ang pagbabago sa pagpapatunay ng nasyonalidad

ng mga bata bilang Hapon. Pagkatapos isampa ang apila sa pandistritong hukuma ay sinundan ito ng press conference sa press room mismo ng Hukuman. Punong puno ng mga reporter ang press room na nagpapatunay lamang na mataas ang interes ng publiko sa issue na ito. Sa katunayan ay nakalabas sa halos lahat ng diyaryo at T.V ang tungkol sa apila ng mga bata sa pamdistritong korte ng Tokyo. Sa ibaba ay ilan lamang sa mga press statement ng mga nag-aapila;

【Ang Paglilitis】

Noong ika-15 ng Hulyo, 2005 ang unang araw ng paglilitis ay napuno ang silid hukuman ng mga nagdedemandang JFC, kanilang mga ina at mga supporter at mga kaibigan. Noong araw lamang na iyon nakita sa paglilitis ang dami ng bilang ng ng mga bata sa silid hukuman kasama ang kanilang mga abogado na sina Atty. Hamano at Atty. Kondo bilang tagapagtanggol.

Ang apat sa mga nagdedemanda (tatlong ina at isang JFC) ay nagbigay ng kanilang kurokuro sa loob ng hukuman. Narinig ang mga iyak mula sa mga upuan ng tagamasid sa loob ng silid hukuman at tumimo sa isip at damdamin ng bawat isa ang mga madamdaming pahayag. Ang mga sumusunod ay kanilang mga kuro-kuro:

1) Ako po ay unang nakarating sa Japan nuong 1990 at nagtrabaho sa isang Snack Bar sa Tokyo kung saan ko nakilala ang ama ng aking anak. Naging maganda ang aming relasyon nuong una dahil mabuting tao naman ang kanyang ama. Ngunit dahil siya ay may asawa na, di kami nagkaroon ng pagkakataon na magsama. Iyan ang isa sa mga dahilan kung bakit ayaw niyang kilalanin ang aming anak bilang sariling anak, dahil ayaw niyang malaman ito ng kanyang pamilya

Sa tulong ng JFC Network, napilitan ang ama na kilalanin ang aking anak bilang kaniyang anak, at naging dahilan upang magkaroon ang aking anak ng karapatang manatili at mamuhay sa Japan. Ngunit sa kabila nito ay hindi siya nagkaroon ng karapatang maging isang Hapon.

Sa ngayon po ang aking anak ay nasa ika apat na baitang sa Elementary School. Sa kanya pong murang kaisipan, nadadama na niya ang bigat dahil nararanasan na niya ang pagtutukso ng mga kamag-aral dahil di daw siya Hapon, sa dahilang ang kanyang pangalan ay banyaga at nakasulat sa Katakana. Sa kanya pong murang kaisipan, kinukunsidera niya ang kanyang sarili bilang isang Hapon dahil ito ang kanyang nakalakihang lugar, ito ang natutunan niyang pananalita, ganun din ang mga tao sa kanyang paligid. At maging sa kanyang pangarap sa paglaki, dito sa bansang ito siya umaasa na magkakaroon ng matatag na hanapbuhay, at magkakaroon ng sariling pamilya.

Kaya narito po ako at dumudulog sa inyong Hukuman upang ibigay sa aking anak ang kanyang karapatan na mabigyan ng Japanese Citizenship dahil bukod sa kanyang ama ay isang Hapon, dito siya nagkaisip at ang bansang ito ang humubog sa kanyang kaisipan.

Ang pagkakaroon ng Japanese Nationality ng aking anak ay magbibigay sa kanya ng karapatan mamuhay ng pantay, lalo na sa kanyang paglaki at magkaisip. Ang kanyang kalayaang gamitin ang karapatang bumoto, magtrabaho sa Pamahalaang Hapon, magkaroon ng sariling identipikasyon at maalis ang Racial Discrimination na naguugat (cause) na rin sa di pagkakaroon ng Nasyonalidad sa bansang kanyang kinalalakihan niya ngayon. (Pahayag ni Loretta, ina ng JFC na sampung (10) taong gulang)

2) Ako po ay labing tatlong taon ng naninirahan dito sa Japan kasama ang aking anak na lalaking walong taong gulang po. Siya po ay nag-aaral sa Shogakko at nasa ikalawang baitang ng Elementarya.

Ng ako po ay nanalo sa Korte at natanggap ng anak ko ang kanyang Ninchi, ang akala ko po ay hindi na kami papansinin ng ama ng bata. Pero bago pumasok ng bata sa paaralan doon nagsimulang makilala ng

husto ng bata ang kanyang ama. Araw-araw pagkatapors ng trabaho bago umuwi sa kanyang bahay ang ama, dumadaan siya sa bahay para tignan ang anak ko, kinukumusta ang pag-aral. Tiniruan ang bata sa mga assignment. Paminsan-minsan, ay namamasyal silang dalawa.

Masaya ang anak ko pag naririyan sa tabi ng ama niya. Dalibhasa hindi sila nagkakasama ng matagal na oras at pag naririyan ang ama ay hindi na umalis sa tabi ng ama.

Masaya na sana ang anak ko, kaya lang siya ay naaapi sa paaralan ng kasama niya ang nag-aaral, siya ay tinitukso ng Filipinjin. Hindi alam ng anak ko ang Filpinjin dahil alam ng anak ko, siya ay isang Hapon dahil dito siya ipinanganak sa bansang Hapon, ang ama niya ay Hapon kaya ang dugo niya ay may halong Hapon, ang alam niyang wika ay Hapon lamang, Dito siya lalaki , magkatrabaho, at magkakapamilya pero paano mangyayari yon kung ayaw siyang anggapin bilang isang amayan ng Hapon, ipinagkakait sa kanya ang karaparan niyang magkaroon ng Japanese Nationality.

Alam kong ang gobyerno pati na ang mamamayang Hapon ay senstive pagdating sa mga problema na mayukol sa pamilya hinihiling ko po lamang na bigyan ninyo ng pansin ang aming mga anak nandito sa kanilang sinilangan bansa ang kanilang magandanng kinabukasan, at iyong po bilang magulang ang gusto naming ibigay sa mga bata umaasa po kaming hindi niniyo mabiguin ang mga batang ito. (si Olivia, JFC ay 8 taong gulang)

3) Magandang araw po sa inyo. Ako po si Jurie-Ann. Ibig po sabihin ng ‘Ju’ sa Jurie-Ann sa wikang Hapon ay puno. ‘Rie’ po sa ‘Jurie-Ann’ ay peras. At ‘Ann’ po sa ‘Jurie-Ann’ ay ‘An-nin-tofu’ na apricot kernel tofu. Ngunit sa aking pasaporte po ay Jurie-Ann Cittum. Filipino po ang aking nasyonalidad. Ako po ay ipinanganak sa bansang Hapon at lumalaki sa bansang Hapon. At nag-aaral po ako sa eskuwelahan rito sa bansang Hapon na sa kasalukyan ay grade six sa elementarya. Masaya po akong pumapasok sa eskuwelahan araw-araw. Marami po akong kaibigan. Tungkol po sa aking ama, mabait po siya kahit hindi kami nagsasama. Nagkikita po kami isa o dalawang beses sa isang buwan. Bumibili po siya ng damit at nagbibigay ng pera para sa akin. Ang aking ina po ay masipag po sa trabaho. Araw-araw po siyang pumapasok sa trabaho. Kapag umuwi po siya sa bahay, gumagawa pa rin siya ng trabaho sa bahay. Mahal na mahal ko po ang aking ina. Katulad po sa amin, sa bansang Hapon kung saan ipinanganak at lumalaki na Hapon po ang aking ama, bakit po hindi ako mabibigyan ng naysonalidad bilang Hapon? Hindi po kasal ang aking mga magulang. Hindi ko po alam kung ano ang nangyari sa kanila noon. Parehas po ako sa mga iba sa aking eskuwelahan. Hapon po ang aking ugali at pagkaisip. Humihiling po ako na pagkalooban ng Japanese nationality. (JFC ,11 taong gulang)

4) Labintatlong (13) taon po akong overstay rito sa inyong bansa at nakilala ko ang ama ng aking anak sa pinapasukan kong club noong 1995. Naniwala po ako sa mga magagandang salita at pangako niya hanggang sa ako ay nabuntis. Buo ang akala ko na tuloy-tuloy na ang masaya naming pagsasama ngunit hindi pala ito totoo at dito nag-simula ang problema sa buhay ko.

Nang nalaman po niya na buntis ako, nag-iba na ang ugali niya hanggang hindi na po siya nagpakita sa akin. Hindi ko na po alam kung paano ang gagawin ko samantalang lumalaki ang aking tiyan. Nilakasan ko na lang ang loob ko upang ako po manganak nang maayos.

Dahil sa tulong ng isang NGO, nabigyan po ako ng lakas ng loob para ipaglaban ang karapatan ng aking anak. Nanalo kami ng anak ko sa pagpapasya ng Hukom na ibigay ang Ninchi sa aking anak. Subalit hindi ko akalain na hindi po pala maaaring mabigyan ng Japanese Nationality ang aking anak kahit mayroon siyang ninchi.

Noong Mayo nang taon 2004, may nakilala po akong isang Japanese na seryoso sa akin na nag-alok ng kasal kahit ako may anak sa iba. Akala ko ay biro na naman ito sa buhay ko ngunit pinakasalan po ako ng Hapon na ito. Inampon niya ang anak ko, talagang tinanggap niya, at ituring po niya bilang tunay na kaniyang

anak.

Napakabait at maalalahanin po siyang asawa. Sa umpisa, medyo alanganin ako baka hindi niya makasundo ang anak ko subalit wala po silang nagiging problema at magkasundo silang dalawa. Katulad ng mga ibang Hapon, napaka-busy niya sa kanyang trabaho, maaga siyang umaalis sa bahay at gabing-gabi na siyang nakakauwi. Sa kabila nito, nagsisikap siya para gumawa ng oras para sa pamilya at madalas po niya kaming ipinapasyal. Akala ko po noon ay sa pelukula lamang may happy ending sa mga pamilya katulad namin. Subalit sa totoong buhay din pala ay nangyayari ito at iyan po ang buhay namin sa ngayon.

Sa palagay ko po, ang pinakamahalaga sa pamilya ay may pagmamahalan, pagtitiwala at pag-galang sa isa't isa at hindi mahalaga kung magkadugo sila. Hindi ko na po maaaring pakasalan ang tunay na ama ng aking anak dahil may asawa na po akong iba. Siya po ang aking tunay na asawa at siya rin po ang tunay na ama ng aking anak kahit di sila magkasindugo.

Humihingi po ako ng inyong pag-unawa sa aming kalagayan at naway' tanggapin ang aming kahilinngan na kilalanin ang isang tunay na anak ng Hapon bilang Hapon kagaya ng aking anal. (ina si Lilibeth, JFC ay 8taong gulang)

## [Paglilinaw sa pagkakaiba ng ukol sa hatol na labag sa Konstitusyon ang Batas ng Nayonalidad noong ika-13 ng Abril 2005,】

Noong ika-13 ng Abril, 2005, sa isang paglilitis na ang isang JFC (7 taong gulang) na Filipino National na isinilang sa lalaking Hapon at babaeng Filipina na di-kasal, ay humiling para sa pagpapatunay ng naysonalidad bilang Hapon ng JFC at nahatulang talo ang nagdedemanda sa Pandistritong Hukuman sa Tokyo. Ang kasong ito ay hindi kaso ng JFC Network. Ang nabanggit na kaso ay nagapila bago isampa ang aming apila nuong June 15, 2005.

Ganunpaman, ang hatol ay nagbigay ng palatantadaan na "labag sa Konstitusyon ang patakaran ng Artilulong 3 ng Batas ng Naysonalidad na hindi tinatanggap ang naysonalidad ng Hapon sanhi ng di-kasal ang mga magulang." Subalit, ang hatol na ito ay may hangganan sa punto ng pagbibigay diin lamang sa magandang relasyon ng mga magulang na nagsasaad na "matalik ang komunikasyon at buo ang pamumuhay bilang isang pamilya". Kung ganon, hindi nito matutulungan ang mga kasong nasira ang relasyon bilang mga magulang. Walang dapat na impluwensya sa nasyonalidad ng bata sanhi ng mga bagay na madaling magbabago tulad ng 'relasyon ng mga magulang' at mga bagay na napakahirap ng pagpapasiya ng maganda o di-maganda.

Ang aming apila ay "kahit ano ang relasyon ng mga magulang, dapat mabigyan ng nasyonaliad ng Hapon nang pantay ang mga batang kinilala ng kanilang amang Hapon."

# Suportahan ang pakikibaka ng JFC!!

**Sa kasalukuyan ay parami nang parami ang mga batang isinilang na ang magulang ay Hapon at Filipino. Marami sa kanila ay di-kasal ang mga magulang dahil sa iba't ibang kadahilanan. Halos lahat ng mga batang ito ang ipinanganak sa bansang Hapon, lumalaki sa bansang Hapon, nag-aaral sa eskuwelahan ng bansang Hapon, at wikang Hapon lamang ang kanilang alam na salita. Bukod sa 'Filipina ang kanilang ina', halos parehas ang kanilang pamumuhay sa mga ibang batang Hapon.**

**Subalit, ang mga JFC na ito ay namumuhay sa bansang Hapon sa kabila na sila ay itinuturing bilang dayuhan mula pa noong isilang. Walang karapatang bumuto at karapatang mahalal sa eleksyon; barado rin ang kanilang karapatan sa pagsali sa politika; at hindi maaaring maging pampublikong empleyado pataas sa administrator.**

**Ang dahilan ng pag-aapila at paglilitis para sa pagpapatunay ng nasyonaliad bilang Hapon ay hindi lamang para sa aming mga anak (ng mga nag-aapila) kundi para sa lahat ng mga batang dumaranas ng kaparehong situwasyon.**

**Nais naming ipagpatuloy ang aming pakikibaka upang mailabas ang problemang ito hindi lang sa bansang Hapon kundi pati na rin sa labas ng bansa hanggang mabago ang batas ng Hapon ukol sa karapatan sa citizenship ng mga JFC na hindi kasal ang mga magulang.**

**Halos lahat kaming siyam na nagsampa ng kaso ay mga single mothers lamang na walang sobrang kakayahan pampinasya at mahirap ang aming buhay. Subalit para sa aming mga anak at mga anak ng karamihan ng mga Pilipina ay pinili namin na makibaka at pasanin rin namin ang binabayaran nang hulugang pambayad sa mga abogado at sa paglilitis na ito.**

**Kasama rin sa aming pakikibaka ang malaking gastusin tulad ng papel para sa newsletter na binabasa mo ngayon, pagpapalaganap nito, pamasahe sa pagpupunta sa hukuman, forum, at iba pa.**

**Hinihiling naming ang paglahok, pagtulong at suportahan ang pakikibaka ng lahat ng batang dumaranas ng kaparehong kahirapan! Matagal ang panahon na aming inilalaan para sa pakikibakang ito at kahit kailan man ay bukas kaming tatanggap ng inyong tulong suporta o maging donasyon.**


Name of Bank: **RISONA**, Name of Branch:**ICHIGAYA** Number of Bank Account : **1651914**
Name of Account : **JFC Kokuseki Kakunin Sosho Genkokuadan**
【Contact Number】Chair Person of Plaintiff : Lorreta Ramires Ligon
Telephone Numner : 080-3000-3603
Supporter Group : Citizen's Network for Japanese-Filipino Children (JFC Network)
Address : HK Bldg. 303, 4-8-34 Kudan-Minami Chiyoda-ku, Tokyo, 102-0074
Tel & Fax : 03-3264-4272 Homepage : http://www.jca.ax.apc.org/jfcnet
English Homepage : http://www.jca.apc.org.jfcnet/english/